Kahit walang tungkol sa niyog o kahit tungkol sa agrikultura man lamang sa pangkabuuan ang Philippine Prose and Poetry; ang ipinalaganap na teksbuk sa mga pampublikong paaralan sa Pilipinas hanggang 1964, hindi naman matatawaran ang inilathalang mga saliksik ni E. Arsenio Manuel noong 1954 na may pamagat na "A Lexicographic Study of Tayabas Tagalog" at noong 1958 na may pamagat na "Tayabas Tagalog Awit Fragments from Quezon Province" na maituturing na masusing pag-aaral na may kaugnayan sa kultura ng pagniniyog sa Pilipinas partikular sa Lalawigan ng Tayabas. Tatalakayin sa pananaliksik na ito ang masikhay at makabuluhang araling leksikograpiko ni Manuel sa mga terminong nakakabit sa kultura ng pagniniyog sa Lalawigan ng Quezon. Gayundin ang pagtalakay sa mga piraso ng *awit* ng Tagalog Tayabas na humagip sa ilang detalye hinggil sa niyog at ang matibay na natuklasan ni Manuel kung bakit dapat ituring ang *awit* bilang panitikang-bayan.

**Sa Mga Buto at Lapida:
Preliminaryong Pag-aninag sa Pamamaraan ng Pagkilala sa/ng Tayabasin**

Ryan V. Palad
ATAGAN

Sa Tayabas, may dalawang pagkakataon na ang mga buto o labi ng mga namatay ay inilagay sa isang bantayog o busto. Ang papel ay nagnanais na tingnan ang ganitong praktis kung meron man at balikan ang maaring dahilan ng kokonting mga lapida sa loob ng Basilica ni San Miguel Arkanghel gayong napakalaking simbahan ito at may mga lapida rin naman sa ibang mga lumang simbahan sa ibang bayan na di hamak na napakarami sa kanila kumpara sa Tayabas. Sinu-sino ba ang pinalad na malagay sa loob ng simbahan? Lalamanin din ng panayam na kung kokonti ang mga lapida, may pagkakataong bang mismong may direktang inilibing sa loob ng simbahan ng Tayabas? Sa huli'y titingnan at babanggitin din ang patuloy na paghahanap sa mga labi ng mga kasapi ng Cofradia de San Jose na minasaker noong 1841 gayundin ang Sundalo ng Rehimentong Tayabas noong 1843. Preliminaryong pag-aaral ito na hindi lang sa mga buto at lapida ang pag-alaala kundi sa pagpapatuloy ng kabutihan at kagandang loob na manggagaling sa bawat isa.

Niyog: Malalim ang Ugat, Mataas ang Bunga

Dr. Fabian M. Dayrit

Professor Emeritus, Department of Chemistry, Ateneo de Manila University
Vice-President, National Academy of Science & Technology Philippines
Chair, Scientific Advisory Committee on Health, International Coconut Community
President, Integrated Chemists of the Philippines

1. Malalim ang ugat ng niyog sa Pilipinas

Ang puno ng niyog ay mahigit na 80 milyong taon na. Ito'y kumalat sa buong mundo mula sa Pilipinas at ibang isla sa Southeast Asia, at sa southern India. Mahaba ang kasaysayan ang niyog mula pa noong panahon ng Kastila. Sa kasalukuyan, ang puno ng niyog ay nakakalat sa mahigit na 80 bansa sa tropics at ito ay ginagamit bilang pagkain ng higit na 1 bilyong katao.

2. Mataas ang bunga ng niyog sa Pilipinas

Napakarami ng paggamitan ng puno ng niyog at ang kanyang bunga. Kabilang dito ay ang mga kemical, biofuel, cosmetics, at VCO na magagawa mula sa laman ng niyog.

Ang VCO ay maraming mabuting gamit sa katawan. Ito ay anti-microbial: nakapatay ng microbyo at virus. Ang pinaka bagong pag-aaral tungkol sa VCO ang paggamit nito laban sa SARS-CoV-2 virus na nagdudulot ng sakit na COVID-19. Patuloy pa rin ang pag-aaral sa paggamit ng VCO laban sa sakit na ito.

Ang niyog ay isang punò na tunay na punó ng buhay.

PASASALAMAT:

Mr. ARNEL BABIERRA

Balikatan sa Kaunlaran: Karanasan sa Tayabas

Estelita Valdeavilla
La Salle Greenhills

ANG BALIKATAN SA KAUNLARAN ay isang samahang pangkababaihan na nag angat ng kamulatan mga maraming babae sa mga liblib na lugar at kanayunan ng bayan ng Tayabas. Pinamunuan ito ng mga asawa mga kapitan ng barangay sa pamamagitan ng ng Kagawaran Panlipunang Kagalingan at Pagpapaunlad o mas popular na sa tawag na DSWD. Sinimulan ito noong 1975 nang inilunsad ang pandaigdigang dekada ng mga kababaihan. Naging malawak ang kilusan ito sapagkat sangkot dito ang mga lokal ng mga kababaihang lider ng bawat barangay. Naging pangunahing proyekto nila ang pagkakaroon ng mga maliliit na negosyo kabilang na ang paglalala at paghahalaman. Mga gawain sibika at pangkabuhayan ang tuon ng pag organisa ng mga lokal na kababaihan na kinabibilangan hindi lamang ng mga asawa ng mga halal na punong barangay kundi yung mga kinikilalang lider sa pook. Bagamat karaniwang pinopondohan ng mga lokal na opisyal ay meron itong pambansang badyet na nagmumula sa National Commission on the Role of Filipino Women or NCRFW na na nasa ilalim ng pangangasiwa ng mga progresibong kababaihan sa ilalim ng kapangyarihan ng dating unang ginang na si Imelda Marcos nahalal bilang Governor ng Maynila at kinalaunan ay naging Kalihim ng Ministro ng Human Settlements. Bukod sa naratibong paglalahad ang papel na ito ay maglulunsad ng kritikal na repleksyon ng may akda natutukoy sa analysis ng kontribusyon ng mga lokal na babaeng lider sa pag angat ng kamulatan ng mga kababaihan noong panahon ng Martial Law o Batas Militar.

MarinduQuezon: EdM01 QECI 400 heritage icons from Quezon and 100 heritage items from Marinduque

Randy T. Nobleza, PhD
Marinduque State College

By the year 2021, the archipelago is going to commemorate 500 years of the Battle of Mactan and Christian inculturation. Incidentally the event is preceded by the quadricentennial of the Tayabas town amidst the myriad of interruptions brought about by the pandemic. To move forward the said occasion, Marinduque's capital town is also gearing towards its 400th foundation by 2022 since the establishment of the visita Monserrat de Marinduque in 1622. Before the present day capital city of Lucena, the centre of commerce and civilization of Quezon is Tayabas. After the succeeding Spanish expeditions to Luzon, the cultural center and cradle of the province could be traced to the coastal town of Unisan.

Using EdM01: Basic Foreign Language in Nihongo/ Nippongo or Japanese Language and Culture , in this presentation, this involves the study the Hiragana alphabet with a chart with three tables: sound of 50, turbid and murky sounds along with ya row and i-column combination. The first set of deliverables are 10 practice writing sheets based on

table 1: gojuon or sound of 50. Then the next set of deliverables would be the gojuon flash cards to be based on the group assignment on iconic heritage icons in the specific upland and lowland towns of Marinduque. Finally the last set of deliverables is pecha kucha style of presentation with 20 seconds per each slide with a total of 20. The pecha kucha slides would also be consistent with the assigned heritage items from the respective towns.

The class size of the current semester is almost 50 with majority of the learners are from the MAEd program with some EdD learners. Since the mode of delivery is flexible and remote, the learners were divided into four. The EdD learners drew lots who would take on what particular district among the four districts in Quezon. They obliged with the scheme and decided to fill-up at least three forms based on the Philippine Registry of Cultural Properties per district. The PRECUP form no.1 concerns tangible immovable properties or built heritage, PRECUP form no. 2 is about tangible movable heritage and the last, PRECUP form no. 3 involves intangible cultural heritage.

In the end, despite everything about Covid19, there is still a persisting and enduring hope that everything shall pass. Hopefully, the outcomes would be a testament of diversity, creativity and inclusivity of heritage, culture and arts in Marinduque of for the next century. With the 400 iconic heritage items of Quezon, it would be a best present and most positive outcome of the pan- demic during the next 100 years. Just like Lucena and Unisan, Tayabas then and Quezon now, local heritage would endure and persist until we traverse to the better normal. Likewise with 100 iconic heritage items of Marinduque, it would be a best present and most positive outcome of the pandemic during the next 100 years. Just like Mt. Malindig, Marinduque would endure and persist until we traverse a better normal.

Ang Pagbakas sa Delino Bilang Bahagi ng Kultural na Pamana sa Lucban, Tayabas, at Sariaya

Maridel D. Villalon
DepEd, Quezon National High School

Bahagi ang pagkain ng kultural na pamana na nangangailangan ng preserbasyon. Kaugnay ito ng pagpapakahulugan sa kultural na pamana ni Blake (2000), *the political aspect of the decision as to what is to be preserved for the future generations... a form of inheritance is its characterisation as a non - renewable resource akin to the enviroment or even mineral resource*. Idinagdag pa ni Ramshaw (2016), *a strong and enduring relationship exist between heritage and cuisine...Ingridients, preparation, and consumption can reflect a great deal about a region or nation*. Isa ang pagkain na delino sa maipagmamalaking bahagi ng kultural na pamana sa ilang bayan ng lalawigan ng Quezon katulad ng Lucban, Tayabas, at Sariaya.

Bunsod nito, nilalayon ng pag - aaral na ito na mabakas ang pagkaing delino bilang bahagi ng kultural na pamana ng Lucban, Tayabas, at Sariaya sa pamamagitan ng paglalahad ng ugnayan ng kultura sa paraan ng paghahanda at pagkonsumo nito.

Sisikaping tukuyin ng mananaliksik ang mga sumusunod: Una, tukuyin ang paraan ng pagkakasangkapan sa pagkaing delino batay sa iba't ibang lugar sa Lucban, Tayabas, at Sariaya. Ikalawa, tukuyin ang ugnayan ng paraan ng pagkonsumo sa pagkaing delino batay paniniwala sa iba't ibang bahagi ng Lucban, Tayabas, at Sariaya. At ikatlo, matukoy ang kalagayan ng delino bilang bahagi ng kultural na pamana sa bayan ng Lucban, Tayabas, at Sariaya.

Gagamitin ng mananaliksik ang kuwalitatibo - deskriptibo bilang disenyo ng pananaliksik, samantalang magkakaroon ng *food mapping*, *semi - structure interview*, at *thematic coding* bilang pamamaraan sa pagkalap ng datos.

Daang Bakal: Isang Sulyap sa Kasaysayan ng Calauag, Quezon

Arjay Servantes Targa
Leon Guinto Memorial College Inc.- Atimonan

Nilalayan ng pananaliksik na ito na makapag ambag sa kasaysayang lokal ng Calauag, Quezon. Ilalatag dito ang kasaysayan ng istasyon ng tren at kung paano ito nakatulong sa ekonomiya ng bayan ng Calauag at sa mismong nakapaligid dito. Upang maisagawa ang pananaliksik, kakapanayamin ang mga taong may kinalaman sa paksang ito at gayundin mangangalap ang mananaliksik ng mga iba't ibang [lumang] larawan at pagbisita sa tanggapan ng PNR upang mangalap ng mga datos na makakatulong sa pag aaral na ito. Ang pananaliksik na ito ay nagtatangkang makapag-ambag sa pagpapayabong ng kasaysayan ng Calauag, Quezon na may malaking ginampanan sa usaping ekonomiya at transportasyon sa lalawigan ng Quezon [dating Tayabas]. Mahalaga ang kasaysayang lokal para sa pagpapalawak ng isang inklusibong kasaysayang pambansa, na hindi lamang nakasentro sa Maynila kundi naglalaman din ng lokal na kasaysayang pag aaral sa iba't ibang rehiyon.

**“Ang Tanging Ina” Panunuri sa Historical Data Papers
Bilang Pinagmulang Literatura o Sekundaryang Sangguniang Historiograpiikal
ng Padre Burgos, Quezon**

Ryan S. Panganiban, LPT
Hinguiwin National High School

Mahalaga para sa isang historyador o mananaliksik pangkasaysayan ang mga sanggunian upang makasulat ng isang akda tungkol sa paksa ng kasaysayang nais niyang sulatin. Sa paghahanap ng mga batis para sa isang opisyal na kasaysayan ng bayan ng Padre Burgos, Quezon batay sa mga metodo ng historiograpiya, naging suliranin ang pangangalap ng mga primaryang sanggunian at sa halip ay tambad na madaling mahagilap ang mga sekundaryang akda bilang salik ng mga kaalamang pangkasaysayan. Nariyang magtungo ang mananaliksik sa mga tanggapan ng pamahalaang bayan at mangalap ng mga materyal na maaari nitong idulot. Nariyan ding magsaliksik sa mga aklatan at magtanong-tanong sa mga nakatatanda ng bayan. Sa pagbabasa at matamang pagtingin sa mga sekundaryang akdang nakalap, mapapansing ang mga ito ay may pagkakahalintulad sa isa't-isa tuloy ay makalilikha ng sapantahang mayroon itong iisang pinagmulan. Sa pagpapatuloy ng paghahanap, matutuklasan ang “Historical Data Papers” ng Padre Burgos, Quezon bilang tanging ina nilang lahat. Ano nga ba ang Historical Data Papers? Bakit ito naisulat at gaano ito kahalaga bilang sanggunian lalo na sa pagsusulat ng mga lokal na kasaysayan tulad ng sa bayan ng Padre Burgos, Quezon? Gamit ang panloob at panglabas na panunuri, sisikaping mailahad ang mga kalamangan at sa kabilang banda nama’y maaaring naging mga kakulangan nito. Sa pamamagitan ng ganitong hakbang, inaasahang makapagbibigay ng ambag ang papel na ito sa isang makatotohanang kasaysayan ng Padre Burgos, Quezon.

**Ang Tayabas Matapos ang Kaguluhan ng 1872:
Batay sa Tala ng Paglalakbay ni Juan Alvarez Guerra**

Jely A. Galang, PhD
Departamento ng Kasaysayan
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Malaki ang naging epekto ng pag-aalsa sa Cavite at pagbitay sa GOMBURZA noong 1872 hindi lamang sa Maynila kundi maging sa mga karatig-lugar nito. Para sa estadong kolonyal, mayroong posibilidad na sa mga lalawigan sa Timog Katagalugan gaya ng Laguna, Cavite, Batangas at Tayabas magtipon at mag-aklas ang mga Pilipinong “rebeldeng” humahamon sa katatagan ng pamahalaang Espanyol sa Pilipinas. Upang masagkaan ang ganitong mga pangyayari, kinailangan ng pwersang sandatahan (tulad ng *Guardia Civil*) at iba pang maykapangyarihan ang mas matimtimang pagmamanman sa mga kilos at aktibidad ng mga tao sa mga probinsiyang ito. Ang mga impormasyong makukuha ay makakatulong sa mga Espanyol upang makabuo ng mga patakarang magiging higit na mabisa upang patuloy nilang mahawakan ang Pilipinas.

Layunin ng papel na itong ipakilala at talakayin si Juan Álvarez Guerra y Castellano (?-1905), mahistrado ng *Real Audiencia* at kasapi ng *Consejo de Ultramar*, at ang kanyang akdang *Viajes Por Oriente: De Manila a Tayabas* (1878) sa konteksto ng mga kaganapan sa Pilipinas matapos ang mga kaguluhan ng 1872. Kabilang sa trilohiya ng mga tala ng paglalakbay ni Álvarez noong 1870s at 1880s, ang *De Manila a Tayabas* ay mahalagang sanggunian tungkol sa iba't ibang aspekto sa buhay ng Tayabas, ganoon din ang mga gawi at kostumbre ng mga Tayabasin noong ika-19 siglo. Gayunpaman, nais bigyang-diing maliban sa pagiging isang akda ng paglalakbay, ang *De Manila a Tayabas* ay sinulat upang maipaalam sa mambabasang Espanyol—sa Maynila at Espanya—ang potensyal (kung mayroon man) na maging kanlungan ng mga rebelde at lunsaran ng pag-aalsa ang lalawigan.

IGBA: MGA RITWAL AT PANINIWALA SA ILAYANG DUPAY

Vladimir Agcaoili Nieto
Konseho ng Herencia ng Lucena

Mayroong 33 barangay ang Lucena. Ang 11 nito ay nasa poblacion samantalang ang natira ay sa kapaligiran na. Ang Ilayang Dupay ay isa sa mga barangay na bumubuo sa Lungsod ng Lucena. Nasa bahaging panabi ito sa pagitan ng Gulang-gulang at Ibabang Dupay sa Lucena, at kadikit naman ng Pandakaki sa Tayabas. Ito ang isa sa mga lunan ng mga mamamayan bago pa mabuo ang pueblo ng Lucena. May mga matatandang pamilya na ang dito ay naninirahan. Maraming mga magsasaka ang matatagpuan dito dahil na rin sa kaaya-aya ang kalidad ng lupa ng lugar, sagana sa patubig, sa mga palayan, mga pataniman ng sarisaring gulay, mga bungangkahoy at punongkahoy. Ang mga naninirahan ditto ay nakatuon sa pagsasaka at agrikultura.

Ang lugar ay tinawag na Dupay dahil na rin sa naglipana ang mga Dahupay sa lugar. Sapagkat mayaman sa mga punongkahoy at bungangkahoy, mainam itong pinaninirahan ng mga hantik na pula at maging itim. Ang mga tirahan nila ay mga nabuong pinagdikit-dikit na dahon at sapot. Ang nabuong istraktura ay tinatawag na dahupay. Sa isang puno, hindi isa lamang ang dahupay kundi higit pa dahil na rin sa likas na bumuboo ng pulutong ang kanilang reyna. Ganun ang karaniwang sistema at gawain ng mga hantik kaya maraming dahupay. Sa kinatagalan at pagsalin-salin ng mga salita, ang dahupay ay naging dupay.

Sa paglalarawang ito, mabibigyang buhay at kulay natin kung gaano pinagyaman ng mga magsasakang Dupayin ang kanilang mga lupain upang makapagbigay ng higit sa inaasahang ani. Sari-saring pamamaraan ang ginagamit nila base sa karanasan, kalikasan, syensa, pananampalataya at ang huli ay paniniwala. Walang katanungan hinggil sa unang tatlo. Sabi nga, ang karanasan ang pinakamainam na guro na magtuturo kung paano magiging sagana ang ani. Ang kalikasan naman ang magsasabi ng kung ano ang karapat-dapat at hindi karapat-dapat base sa mga elemento ng kapaligiran. Limitado pa ang syensya nuon ngunit lumawig na ito ngayon. Si San Isidro naman na patron ng

mga magsasaka ang kalimitang tinitingala ng marami pag pananampalataya ang punto. Ngunit sa paniniwala, dito pumapasok ang Igba.

Ang igba ay tumutukoy sa mga ritwal at paniniwalang walang konkretong basehan ngunit ginagamit ng mga Dupayin upang masiguro ang masaganang ani. Ang pag-iigba o igbaan ay hindi iisang istilo lamang. Iba-iba ang mga gawi, mga usal, mga gamit at mga panahon upang ito ay maisakatuparan. At kalimitan, ang bawat pananim ay may kanyakanyang igba na dapat gamitin. Sinasabing ang igbaan ay nagreresulta sa masaganang ani ng magsasaka.

Kung gaano ito katotoo ay tanging ang magsasaka lamang ang makapagsasabi. Yaong mga nag-igba ay nasisiyahan matapos ang anihan. Yaong mga hindi nag-igba ay malimit may alinlangan at hindi nasiyahan. Ang una ay may magandang ani, ang huli ay kulang sa ani. Walang siyentipikong kapaliwanagan ditto pero wika nga nila ay mabuti nang magigba kesa magsisi sa huli. Wala naming mawawala kung gagawi ito. Kung kaya't nagpapatuloy ang igbaan hanggang sa modernong panahon. Nabawasan na lamang sa dulot ng mabilis na teknolohiya at modernisasyon.

Nais balikan ng presentasyong ito ang mga sari-saring igba na kalimitang ginagamit ng mga taga llayang Dupay upang maging masagana ang kanilang ani. Ang igbaan ay isa sa bahagi ng tradisyon at pamanang kultural na nagbigay kulay at buhay sa mga Dupayin.

HISTORICAL CHURCHES IN QUEZON PROVINCE

architectural design, structure and materials

Ar. Enp. JENNIFER SA SANCHEZ, MS AR

Dean, College of Architecture and Fine Arts
Manuel S. Enverga University Foundation

The historical churches of Quezon Province are defined as unique structures possessing outstanding historical, cultural and artistic and architectural values which are significant to the province. The historical churches in Quezon Province are the legacy and masterpiece of the Franciscan Missionaries who facilitated their construction during the seventeenth and eighteenth century.

They serve as the center of faith to the people of Province of Quezon. From the day they were built continue to witness the magnificent story of the religiosity of its people, identity and innate creative faith in action.

It is important to conserve these religious structures because of the richness of their historical and architectural values, and it is in lieu of the fact that they are part of one's culture and heritage. One should also be reminded that historical structures like the churches of Quezon Province are not exempted to ageing and deterioration. In fact, these processes will be continuously changing their physical condition. But this can be resolved through the Principles of Conservation and Restoration.

Given that they are at all times kept in mind and forever practiced, they are not all a burden for the stakeholders and the community when they set themselves to work together to protect their heritage. Thus, for as long as everyone is aware of the value and significance of these historical churches as part of their heritage, everything shall be enjoyed by the succeeding generations

ORLANDO NADRES
ANG TAYABASING DAPAT MAGING PAMBANSANG ALAGAD NG SINING

Vim Nadera, PhD
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Si Orlando Nadres ay isang batikang manunulat sa komiks at magasin; aktor at mandudula sa entablado, radyo, telebisyon, at pelikula; direktor, tagatitik, tagasalin; tagapagtatag at direktor ng Sanayan at Ugnayan sa Sining sa Ikaunlad ng Tayabas (S.U.S.I. ng Tayabas).

Maituturing siya na “Ama ng Dulaang L.G.B.T.” nang hinawan niya ang landas sa pagsusulat ng dulang ***Hanggang Dito Na Lamang At Maraming Salamat*** noong 1975. Isinilang si Nadres sa noong Nobyembre 1938 at pumanaw noong 14 Hulyo 1991 sa Tayabas, Quezon.

Ayon sa ***Kasaysayan at Pag-unlad ng Dulaang Pilipino*** (1984 at 1997) ni Arthur Casanova, namukod-tangi ang dulang ***Ano Ang Kulay sa Pagitan ng Pula at Puti?*** na isinulat at idinerehe ni Nadres sa pagtatapos ng CITASA sa Dulaang Rajah Sulayman noong 1974. Dagdag pa rito, ang kaniyang mga akda ay malaki ang papel na ginampanan sa paghahawan ng landas tungo sa Pambansang Dulaan. Ang kaniyang dulang pang-entablado ay isinalin sa iba’t ibang wika sa Filipinas. Para sa telebisyon, siya ang nagdirihe ng ***Balintataw*** (1970–72; 1988), ***Hilda*** (1972), ***Babae*** (1974), ***Atin ang Daigdig*** (1974), ***Tanghalan*** (1975), ***Lino Brocka Presents*** (1977), at ***Flordeluna*** (1979). Katunayan, kaniya ang konsepto ng ***Maalaala Mo Kaya***, ayon mismo sa kaniya. Para sa pelikula, orihinal niyang kuwento at dulang pampelikula ay humigit-kumulang 30 samantala ang kaniyang dulang isinapelikula ay nasa 50. Ang iba pa niyang kuwento na ginawa niyang dula para sa pelikula ay ***Stardoom*** (1970); ***Magandang Gabi Sa Inyong Lahat*** (1976); ***Wanakosey*** (1977); ***Mahaba, Malungkot Ang Magdamag*** at ***Walang Karugtong Ang Nakaraan*** samantalang dula rin niya ang ***Bayang Magiliw*** na isinapelikula. Ang kaniyang dulang ***Paraisong Parisukat*** ay ginawang ***Masikip Mainit ...Paraisong Parisukat*** ni Jose Javier Perez noong 2002. Patunay lamang sa pagiging klasiko at unibersal ni Nadres. Si Nadres ang nagdirihe ng mga pelikulang ***Nora, Mahal Kita*** (1972), ***Dito Sa Aking Puso*** (1972), ***Lupang Hinirang*** (1973), ***Somewhere Over The Rainbow*** (1974), ***Pahiram ng Pag-ibig*** (1975), ***Malamig, Mainit Ang Magdamag*** (1976), ***Gisingin Mo Ang Umaga*** (1978), at ***Iskandalosa*** (1979). Sinulat din niya ang titik ng theme song sa ***Tatlong Taong Walang Diyos*** (1976) at ***Ang Tatay Kong Nanay*** (1978). Isinalin niya ang dulang ***A Streetcar Named Desire*** ni Tennessee Williams – bilang ***Flores Para Los Muertos*** – na naging “pinamatagumpay na produksiyon ng

PETA” sa ilalim ng direksiyon ni Lino Brocka noong 1978. Isinalin din niya ang **Ang Memorandum** ni Pangulong Vaclav Havel ng Czechoslovakia para sa PETA.

Umuwi siya sa Tayabas noong Dekada '80, upang itatag ang grupong panteatrong SUSI o Sanayan at Ugnayan sa Sining). Habang nasa sariling bayan, siya ang nagsilbing “culture czar” sa pagbubuhay ng carillo, sarsuwela, santacruzán, at iba pang tradisyong kaniyang kinagisnan. Isinulat din niya ang dulang **Huling Hagbong** (1987) at **Pugad** (1989) na siya rin ang direktor. Ang mga ito ay para lamang sa SUSI Ng Tayabas na siya rin ang tagapagtatag.

'TAGAYAN' AT 'UMPUKAN': PAGPAPAHALAGA SA KULTURA AT KAUGALIAN NG PAKIKIPAGKAPWANG TAYABASIN

Axle Christien Tugano
Department of Social Sciences
University of the Philippines Los Baños

Matandang kultura at kaugaliang Pilipino ang pag-iinom ng alak o anumang nakakalasing na inumin. Bago pa man dumating ang mga misyonerong Español sa kapuluan, laganap at mayaman na ang pag-iinom ng alak kung kaya't may kahirapan silang apulain ito. Mababakas ang kahalagahan ng alak sa iba't ibang seremonya at gawain katulad ng pagtatanim, pag-aani, pagdadaos ng mga pista, pakikidigma, at maging sa kamatayan. Minsan nga, naging dahilan pa ito ng ilang mga pag-aalsa laban sa mga kolonisador.

Malaong lalagpasan muna ng pag-aaral na ito ang tipikal na pagpapakahulugan sa pag-iinom, paglalasing, pagtatagay-tagay, at iba pang mga anyo. Maaaring ialpas ang konseptong ito na hindi lamang nakakakuyom sa limitadong pagtingin dito bilang larawan o sangkap ng *pakikipagkapwa*. Bagkus, mas higit na itutuon ang talakayan sa diskurso ng dinamikong pag-inog at pag-unlad ng tinurang *social sphere* kung saan ang isang lipunan ay nakakalininang ng isang kultural na landskeyp sa pamamagitan ng kanilang pagkilos o pagganap sa mahabang panahon. Isa na rito ang pag-iinom ng alak at kung bakit napakayaman ng bokabularyong Pilipino pagdating dito. Gayumpaman, hindi rin maihihiwalay ang *pakikipagkapwa* sa kultura ng alak. Ipinaloob lamang ang nalinang na konseptong *kapwa* sa naratibo ng ritwal. Gayundin, ang pinakamalaking punto at lente ng pag-aaral ay nakaangklang higit sa espasyong gagawin.

Sa isinagawang *participant observation* noong 2021, tatangkaing ilapat at paunlarin dito ang lokasyong kultural ng Tayabas, Quezon pagdating sa pag-iinom ng alak. Mula noon hanggang sa ngayon, laganap na rito ang ritwal ng *tagayan* at *umpukan*. Sangkap ng nasabing ritwal ang pag-inom ng *lambanog* (*coconut sap*). Isa sa mga bahagi ng tradisyong ito ang pagtatagay o pagpapainom ng lambanog sa mga bisita (*kaumpok*). Mayroong paniniwala na sa *tagayan* at *umpukan* lamang mababatid ang samu't saring Kasaysayan, Kapookan, at Kawikaang Tayabasin.

**SI LOLO FAUSTINO:
ANG KUWENTO AT ALAALA NG NUNO MULA SA SARIAYA, QUEZON**

Danim R. Majerano, MT II
Kapitolyo High School-Pasig City

Ayon sa kuwento ng Mama ko, ang lolo ko raw ay taal ng Sariaya, Quezon. Ang kaniyang pamilya ay lumipat sa Pasig noong panahon ng mga Amerikano dahil sa pangangailangang mabuhay dala ng kahirapan sa probinsiya. Si Lolo Faustino Ravina ay nakapagtapos ng elementarya sa Pasig Central Elementary School. Ang isa sa mga lumang paaralang naitayo ng mga Amerikano sa Pasig Población. Noong nag-aaral siya sa sobrang talino at husay raw niya sa klase upang ma-accelerate siya mula Grade 4 tungong Grade 6. Dahil sa ganitong pangyayari ay pinagturo siya sa mga mababang baytang gaya sa Grade 1-3 at dahil na kulang na rin ng mga guro sa paaralan noon. At hanggang sa matapos niya ang kanyang hayskul at naging asawa si Lola Luna at nagkaroon ng anim ng anak at isa rito ang Mama kong si Imelda.

Sa giyang ito, nais kong maibahagi ang isang personal na sanaysay o masasabi kong memoir patungkol sa mga kuwento at alaala na naibahagi ng aking Mama noon ako'y bata na bitbit ko hanggang ngayon na wala na sila. Sa totoo, ang konsepto ng nuno bilang isang matandang salita ng mga Tagalog ay naiikakabit sa pangalan ng aking lolo. Halimbawa, ang kuwento na ang nuno ay ispiritu mula sa kalikasan, naibahagi ito sa pamamagitan ng kanyang mga kuwento na may nakita raw siyang nagliligawang sirena at siyokoy sa likod ng Rizal High School, mga duwendeng naliligo sa poso sa lumang bahay nila sa Sto. Tomas hanggang sa kaniyang mga pagbisita sa mga panaginip ng aking Mama. Dahilan, kahit na moderno na ang panahon, maraming mga kuwento at alaala na nanatili pa rin buhay at aktibo sa kasalukuyan. At sa panahong hinahamon tayo ng pandemya ay mapakasayang balikan ang mga kuwento at alaala na ito na nagpapalakas at nagpapatibay sa atin. Masasabi ko, bagama't ako ay lumaki sa Pasig, ang nuno ko nama'y isang Tayabasin.

**KAGANDAHAN AT HALAGA NG MALALAYANG IBON
SA SIERRA MADRE, INFANTA/REAL QUEZON**

Ferdinand Llanes, PhD
Departamento ng Kasaysayan-UP Diliman

Mga Malaya ng Ibon sa Sierra Madre--Infanta/Real, Quezon. Lingid sa kaalaman ng publiko, mayaman ang kagubatan ng Sierra Madre sa mga Ibong malaya o mailap, ngunit ang pagkilala rito ay limitado lamang sa mga eksperto sa kapaligiran, sa mga fotograpo ng ibon, at sa mga naninirahan sa lugar. Malaki ang halaga ng mga ibon sa kagubatan, isa na ang Sierra Madre, sapagkat ito'y palatandaan ng kalusugan ng likas na kapaligiran at ng pamana ng mga sinaunang lahi. Sa presentasyong ito, ipapakita ang ilang natatanging endemikong mga ibon, gamit ang mga larawan mula sa teknolohiya ng camera at batay sa kaalaman sa paghahanap ng nasabing mga ibon. Ipapakita ang halaga ng Sierra Madre bilang habitat ng mga ibon, gayon din ang galaw at pakikitungo ng mga tao rito sa mga ibon at kapaligiran. Ipapakita ang mabubuting gawi, gayon din ang masasama. Sa bandang huli, tutukuyin ang halaga ng kabundukan at kagubatan sa mga ibon, at ng mga ibon sa paligid, at ang papel ng tao sa balanse ng ekolohiya di lamang sa lugar kundi sa mas malawak na sakop. Sisikapang iugnay ang ekolohiya sa kultura ng pook at ng mga bayan.

**“ULAN, ULAN, PANTAY KAWAYAN, BAGYO, BAGYO PANTAY KABAYO”
... MULA SA ISANG MITOLOHIYA PATUNGO SA METEOROLOHIYA...**

EnP. Marilyn Valdeavilla - Medina, MAURP, MPA, DURP
Weather Specialist/Meteorologist,
Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA),

Coming from a typhoon-prone community, Barangay Wakas, Tayabas City, it was my foremost dream to become a Meteorologist and an Environmental Planner. Relatively, it was my concern to understand the weather parameters and understand the climatological patterns affecting the economic impact of a weather disturbance particularly “bagyo”.

As many community folks were not efficiently forewarned of impending threats caused by weather systems such as heavy rainfall strong winds and lightning, this study was conceptualized to assess the primordial importance of the services provided by an institution mandated to provide protection against natural calamities to ensure the safety, well-being and economic security of all the people, the PAGASA.

Information on the effectiveness and efficiency of weather warning tools and services will be generated/derived by conducting literature reviews, survey and (FGDs) with selected respondents coming from youth, young professionals, women, informal sector, senior citizens and PWDs groups. Results on the effectiveness assessment such as insufficient receptiveness and timeliness factor indicative of palliative solutions would be treated with recommendations as stated hereof.

Utilization of the forecast and weather warning by the beneficiaries dictates the support and cooperation of the tri-media, civil society and the community itself. It is imperative therefore, that such commitment must be recognized as people at the grassroots dictates the plight of affected communities. Henceforth, a community-based warning system may have to be installed or sustained that would be working with the institution mandated to promote a livable community and where people may live a distinct quality of life.

**ANG TEATRO SAKLOLO NG IBABANG BUKAL:
Tayabasing Tanghal-Bayan, Mga Milenyal na Galawan
Alinsunod at Halaw sa Literaturang Debosyonal**

Niles Jordan Breis
National Committee on Literary Arts (NCLA)
National Commission on Culture and the Arts (NCCA)

Bahagi ang *Teatro Saklolo* ng Parokya ng Mahal na Birhen ng Laging Saklolo at noong 2019 ay nasa 42 hanggang 50 ang aktibong kasapi at karamihan sa kanila ay mula sa Barangay Mayuwi bagama't ang opisyal na lokasyon ng parokya ay Barangay Ibabang Bukal. Bago pa ang kanilang Senakulo ay may mga pagsasanay at palihan na idinaos na at bukas din para sa elementarya hanggang sa mga nakatatanda, hindi lamang mga kabataang nasa sekundarya o kolehiyo dahil nga nasa buong komunidad ang tuon at di sa iisang sektor lamang.

Paano nga ba naiiba ang *Teatro Saklolo* kung ikukumpara sa maraming grupong pang-entablado o pandulaan sa Tayabas, sa probinsiya ng Quezon o sa Timog-Katagalugan?

Sa ilang anotasyon at diskursibong tala ng grupo batay sa pagbabahagi rin ng pangulo na si Patricia Louise Tarray, ang sumusunod ang ilang poetika sa kabuuang dramaturhiya ng *Teatro Saklolo* na isinapraktika sa Senakulo:

- > Mas teatrong pang-komunidad sa Tayabas ang binibigyang diin at di ang akademikong disiplina ng teatro kahit pa may ibinabahaging mga pandulaang teorya;
- > Tayabasin ang karakter kahit man lamang sa paggamit ng ilang salitang kilala sa lugar, mga diyalektong umiiral at mga idioma't kawikaan na taal sa Tayabas at mailahok ang mga ito sa Filipino, kaugnay din dito ang kanilang pagsasaliksik sa mga nakagawiang ekspresyon at mga paniniwala at pamahiin sa mga Tayabasing barangay na saklaw tulad ng Calumpang, Isabang, Anos, Domoit, Gibanga, Mayuwi, Calantas, Malao-a, Potol, Ilayang Bukal at ang mismong Ibabang Bukal.
- > Tanghal-bayan din ang kinikilingang pakana at artikulasyon kung kaya't may kongkretong entablado o dulansangan man ay di na mahalaga pagkat lahat ng espasyo ay performatibong espasyo;
- > Milenyal ang mga galawan batay sa mga hiram na *movement studies* na mga pagsasanay dahil sa unibersalidad ng pandulaang estetika sa mga batayang kilos o mga galaw pero ang pagsakatutubo o pagsasakonteksto ay hango sa etnograpiya o topograpiya ng mga barangay na kabilang sa buong parokya;

>Ang mga milenyal na galawan ay halaw din sa ngayo'y uso na *binge-watching* kaya ang mga eksena ng pagtatanghal ay halatang maiikli at episodiko at laging pinaghalong realistiko at ekspresyonistiko ang mga kilos at daloy ng naratibo;
> Hindi sarado o nakakahon ang interpretasyon sa teksto lalo pa't literaturang debosyonal ang mas kinikilingan pero tinitiyak na *transformative* o mapagpanibago ang pagsasalaysay sabihin pang alinsunod o halaw lamang sa orihinal na teksto.

Malaki ang ambag ni Padre Jude Paquito Moreno sa kabuuang poetika at dramaturhiya ng *Teatro Saklolo* na pinagsasama ang ilang sekular na inobasyon sa pagtatanghal at ang ilang tradisyonal pero mas testimonyal na pagsasadula. Halatang may impluwensiya ang kanyang masteradong pag-aaral ng Modernong Pilosopiya sa Universidad de Navarra sa Pamplona, Espanya at ang pagbababad niya sa ilang aspekto ng Tayabasing kultura.

**PAGBALANGKAS SA LANÂ:
Panimulang pagmamapa ng mga Historico-Cultural Bicycle Routes
sa Lalawigan ng Quezon**

Joselito D. Delos Reyes, Ph.D.
Unibersidad ng Santo Tomas – Maynila

At
Patricio B. Abuel, Ph.D.
Paaralang Sekondarya ng Lucban – Lucban, Quezon

Napapanahon ang pamimisikleta. Bukod sa naitutulong sa kalusugan, kapaligiran, at ekonomiya, dapat na ring ikonsidera ang maaaring maiambag nito sa turismo at edukasyon. Saklot ng salot ang bansa, limitado ang transportasyon, mahina ang turismo at naninimbang ang sistema ng edukasyon pero hindi dapat ito maging balakid upang tuklasin ang kasaysayan ng ating lalawigan higit sa kayang ibigay ng aklat at webinar. Sa panukalang ito, babalangkas ng mga historico-cultural na ruta ng pamimisikleta upang maging plataporma ng pag-unawa sa lokal na kasaysayan ng lalawigan at ang kontribusyon ng lalawigan sa kamalayang pambansa. Ipananakala ang saysay at salaysay ng kultura at kasaysayan ng lalawigan sa pamamagitan ng pagtahak sa mga mahahalagang lunan na magsisilbing focal point ng talakayan. Magsisilbing teorya sa pagbalangkas ng ruta ang Spatial Turn na panukala nina Jules Michelet at Thomas Babington Macaulay na nagsusulong ng pag-unawa sa kasaysayan batay sa espasyo ng kolektibo at pagkakahating geopolitical higit sa mga nagsiganap sa pangyayari. Ipinapanakala ng teorya na malaki kung hindi man natatangi ang ambag ng lunan at topograpiya sa kasaysayan ng kahit anong bansa.

TALA TUNGKOL SA MGA TAGAPAGSALITA

ALEXIS C. PRADILLADA, guro ng Kasaysayan sa Saint Pedro Poveda College at kasalukuyang miyembro ng Local History Project Team ng LGU- Infanta na nagsasaliksik para sa pagsulat ng kasaysayang pampook ng lugar.

DR. WENSLEY M. REYES. Kasalukuyang Kawaksing Propesor at dating Katuwang na Dekano ng Faculty of Behavioral and Social Sciences, College of Teacher Development sa Pamantasang Normal ng Pilipinas. Siya ay kasalukuyang Vice President ng Philippine Historical Association. Nagsisilbi rin siyang consultant ng Local History Project Team ng LGU- Infanta.

Si **WENDELL MATOCIÑOS PANGILINAN** ay Assistant Professor / Community Extension Facilitator ng Department of Social Sciences, College of Arts and Sciences ng Southern Luzon State University. Tubong Lucban, Quezon. Tapos ng AB Sociology sa University of Santo Tomas at Master of Arts in Teaching sa Manuel S. Envrqa University Foundation. Ang mga araling kanyang hinahawakan ay : Local History and Culture related subjects, Rizal and other heroes, Social Sciences and Community related subjects. Ang Hobbies at Interest niya ay : Performing Arts (acting, singing and oration) , Food culture and cooking, Brick Toys as therapeutic travel collection. Palagian din siyang inaanyayahan bilang Quiz bee master, coach/ judge for oratorical contests, resource person para sa ibat ibang seminars at bilang research adviser.

ROMEO PALUSTRE PEÑA, PhD Siya ay kasalukuyang Full Professor habang nanunungkulan bilang Dekano ng College of Arts and Letters (CAL) sa Polytechnic University of the Philippines, Manila. Naging Hepe siya ng PUP Center for Social History mula 2015 hanggang nitong Marso 2021 at bago siya maging Dekano ng PUP CAL ay pinangunahan niya ang pagtatatag ng PUP Center for Philippine Studies ngayong taon. Nagtapos siya ng PhD in Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ang kaniyang pananaliksik ay nakatuon sa historikal at kultural na peryodisasyon ng industriya ng niyog sa Pilipinas at pagdalumat sa produksyong pampanitikang hinggil sa niyog mula 1940 hanggang 2018 gamit ang kontekstong nakapaloob sa kaalamang-bayan, lokal na kalinangan, sariling wika, gunitang-bayan at mga naratibo. Sinaliksik niya ang industriya ng niyog na nakatuon sa lugar na kaniyang pinagmulan sa Bondoc Peninsula (bahagi ng Lalawigan ng Quezon) gamit ang mga dulong na higit na nakatuon sa kasaysayan at panitikan. Siya ang awtor ng nobelang "Isang One Dalawang Zero" na inilathala ng Visprint noong 2018. Sa kasalukuyan, siya ang Assistant Secretary ng National Committee on Language and Translation (NCLT) na nasa ilalim ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA). At noong 2019 ay nagtungo siya sa Japan at nagsilbing lecturer sa Regional Development Program sa Kagoshima University, Japan.

RYAN V. PALAD ay mula sa hanay ng mga mayhilig sa Kasaysayan. Siya ay Pangulo ng Kapisanan ng mga Bahay Saliksikan sa Bansa (KABANSA/2018-2021). Siya rin ay naging Pangulo ng Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas o ADHIKA (2014-2016). Naglilingkod bilang Department Manager ng Public Relations Facilities Department ng GSIS sa Pasay City na humahawak ng GSIS Museo ng Sining at GSIS Theater gayundin ang Corporate Social Responsibility programs ng GSIS kagaya ng GSIS Scholarship Program (GSP) at GSIS Educational Subsidy Program (GESP). Siya ay Career Executive Service Eligible (CESE). Lokal na mananaliksik pangkasaysayan at pangkalinangan sa Lalawigan ng Quezon. Awtor ng aklat na "Bayan ng Tayabas: Kasaysayan at Kalinangan 1575-1985. Punong Tagapag-ugnay ng ATAGAN (Tayabas Studies and Creative Writing Center). Maybahay si Jackie Arella ng Lopez, Quezon at may dalawang silang anak na sina Jasmin at Joaquin.

DR. FABIAN M. DAYRIT is an emeritus professor at the Department of Chemistry, Ateneo de Manila University, Philippines. He obtained his BS Chemistry degree the Ateneo in 1975, and his MA and PhD degrees in Chemistry from Princeton University in 1978 and 1981, respectively. He then spent two years at Oxford University (1980 to 1982) as a post-doctoral research associate. Returning to the Philippines in 1983, he shifted to the study of medicinal plants and started studies on *Vitex negundo* (lagundi), which became the first approved herbal drug in the Philippines. He has published several papers on the quality and health properties of virgin coconut oil. Dr. Dayrit was admitted as an Academician to the National Academy of Science and Technology, Philippines in 2009, and is currently its Vice-President. In 2016, he was appointed Chair of the Scientific Advisory Committee for Health of the International Coconut Community (ICC).

ESTELITA VALDEAVELLA-LLANITA is a Lasallian Master Teacher from La Salle Green Hills who has been teaching Social Sciences for 34 years in the tertiary and secondary levels is an Academician of the Year Awardee at International Education Awards and Summit (Bangkok, Thailand). She holds a Master's degree in Philippine Studies (2003) and Master in Teaching Social Studies (1999) from the University of the Philippines – Diliman. She obtained her AB – Political Science Degree (Cum Laude) . She served as a member of Commission on Higher Education Technical Committee on Teacher Education from 2013 to 2016. She was a Licensure Examination for Teachers Reviewer at Sultan Kudarat State University, a Rotary Club Ambassadorial Scholar to India in 2005, and served as a Board Member of Tayabas Studies Conference/ ATAGAN. As an advocate of Women's Rights she acted as Chair of La Salle Green Hills Justice & Peace Committee. She has written and edited Textbooks in Social Studies and published online and offline articles on Culture, Society and Politics. She had been an Academic Coordinator of Social Sciences for 12 years where she concurrently served as Liaison For Foreign Languages and High School Personal Learning Device Coordinator. She is a recipient of several Teacher Excellence Awards from the Parents' Association of La Salle Green Hills (Day School and Adult Night High School) . Currently, she is a HUMSS Strand Senior High School Faculty of La Salle Green Hills (Day School and Night School Departments). She is likewise tapped by the FMM Sisters as Faculty/Formator of the Lumen Christi Catechetical Center in Stella Maris College in Cubao, Quezon City handling Education Technology and Professional Ethics. She has written various

research papers on Local Culture and History, Virtual Ethnography and Ethnomusicology which she presented locally and internationally. Her latest International Engagement includes Paper Presentation at the Asian Center – UP Diliman where she presented her research on the “14-day visa free entry of Filipino Tourists to Taiwan”, the Malaysia International Conference on Language Literature and Culture (MICOLLAC 2018) where she presented an **Ethnomusicology of The Dawn-Philippines** which was published by NCCA and the Malaysian Journal of Music through Routledge online publication and most recently, she presented , **An Ethnographic Study of the Negros Cantonal Republic** at National Historical Commission of the Philippines Conference in Arroceros Manila and at the South East Asia International conference in Taipei, Taiwan. This same paper was also presented at the 2nd International Conference of Local Knowledge at St. Louis University in Tuguegarao, Cagayan. She has published as Editor and Contributor of **Independencia 1843** along with University Professors and History Writers. Currently she is undertaking a Research on Dance focused on the **Air Force Team of La Salle Greenhills** which will be presented at the NCCA International Research on Dance on April 30 – May 1, 2020 at Iloilo City She is also a feature-research blogger and an International Research Associate of Comparative Heritage Research Forum (CHERIT) <https://comparativeheritage.org/research-and-advisory-team/>.

Si **RANDY T. NOBLEZA, PhD** ay tubong Boac, Marinduque. Nag-aral at nagtapos sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman ng Sertipiko ng Malikhaing Pagsulat sa Filipino at BA (2002), MA Araling Pilipino (2007). Nakamit niya ang PhD sa Araling Filipino: Wika, Kultura, Midya (2016) sa Pamantasang De La Salle sa Manila. Mahilig siyang maglakbay sa iba-ibang bayan sa kapuluan at sa ibayong dagat para sa dokumentasyon, pagmapapa at pagbabahagi ng mga malikhaing naratibo sa iba-ibang anyo. Ilan sa kanyang espesyalisasyon ay Language studies, Media studies at Cultural studies. Interest din nila sa pananaliksik ang mga sumusunod: Cultural mapping, Culture-based education at Heritage studies. Ang mga aralin na kanyang itinuturo: Intro to language studies, Foreign language, Non-literary texts, Creative Writing, Cross-Cultural Communication, Contemporary World.

